Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG AGOSTO 14, 1995, IKA-9:10 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Jesus M. Dimapilis	-	Tagapangulo
Kagawad Cesar T. Baticos	-	
Kagawad Ferdinand V. Talens		
Kagawad Angeles D. Bautista		
Kagawad Ramil O. Dimapilis		
Kagawad Jesus S. Dela Cruz		
Kagawad Ranulfo C. Bernal		
Kagawad Honesto O. Taytay		
Kagawad Eduardo G. Villamin	-	ABC President
Kagawad Lorna F. Dimapilis	-	SK Chairman

Hindi Nakadalo:

Kagawad Juanito A. Bacay, Jr.

KAPASYAHAN BLG. 019
Taong 1995

KAPASYAHANG MAPITAGANG IPINAAABOT SA KINAUUKULAN NG KAHILINGANG PAGLILINAW SA PAGPAPAKUHA NG COMELEC SA MGA BALLOT BOXES NA NAGLALAMAN NG MGA BALOTANG RESULTA NOONG ELEKSYON NG MAYO 11, 1995.

SAPAGKA'T, sa nakaraang Mayo 11, 1995 ay nanalo at naiproklamang nanalo sa bayan ng Roxas, Silangang Mindoro ang mga sumusunod sa partido ni Mayor Gelacio I. Yason: Mayor Gelacio I. Yason, Vice Mayor Jesus M. Dimapilis, mga Konsehal - Cesar T. Baticos, Ferdinand V. Talens, Angeles D. Bautista, Jesus S. Dela Cruz at Ranulfo C. Bernal; isang Independenteng konsehal - Ramil O. Dimapilis at dalawa sa partido ng kandidatong Mayor, Gng. Editha C. Erorita, sina Konsehal Juanito A. Bacay, Jr. at Honesto O. Taytay bilang pampito at pangwalo sa nanalo;

SAPAGKA'T, lahat ng nanalong kandidato sa partido ni Mayor Yason, kasama ang Independenteng kandidato ay naging subject ng election protest ng natalong kandidatong Mayor, Vice Mayor at ilang natalong kandidato sa kabilang partido;

SAPAGKA'T, sa nakaraang ilang araw ay may dumating na radio message sa Pambayang Ingatyaman na ipinakukuha ang apat na ballot boxes, sa Presinto 46, 46-A, 47 at 52 para sa election protest ng natalong kandidatong gobernador Benjamin Espiritu laban sa nanalong gobernador Rodolfo G. Valencia;

SAPAGKA'T, muling nakatanggap ng radio message na ipinakukuha ng COMELEC ang lahat na ng mga ballot boxes at mga laman nito maliban sa naunang apat na nabanggit;

SAPAGKA'T, sa araw na ito ay dumating ang Provincial COMELEC Officer na kinukuha ang mga ballot boxes kung saan ang Sangguniang Bayan ay mapitagang nagpapahayag ng hilingin muna sa kinauukulan ang paglilinaw sa magkataliwas na mensahe bago umaksyon at upang mapag-ingatan ang kasagraduhan ng mga balota na siyang damdamin at boses ng mga taong bayan;

SAPAGKA'T, pinagkaisahan ng mga miyembro ng Sangguniang Bayan na sangkot sa pangyayari at ng mga nagpapahalaga at kumikilala sa dignidad at integridad ng tao na ipaabot sa kinauukulan ang paglilinaw sa pagpapakuhang ito ng mga ballot boxes at pansamantala ay hayaan muna ang mga ito sa pangangalaga ng Pambayang Ingatyaman habang hinihintay ang kalinawan;

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kagawad Ranulfo C. Bernal na pinangalawahan ng lahat -

IPINASIYA, tulad ng pagpapasyang ito na mapitagang ipaabot sa kinauukulan ang kahilingang paglilinaw sa pagpapakuha ng COMELEC sa mga ballot boxes na naglalaman ng mga balotang resulta noong eleksyon ng Mayo 11, 1995.

IPINASIYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa COMELEC, Maynila para sa kanilang kaalaman at pagbibigay ng maagap at naaayong pagpapasya.

IPINASIYA PA RIN na padalhan ng sipi ang Provincial COMELEC Officer, Calapan, Silangang Mindoro, ang Municipal Election Officer, Roxas, Silangang Mindoro at ang Ingatyaman ng bayang ito para sa kanilang kaalaman at sanggunian.

Pinagtibay. 14 Agosto 1995.

- -

CERTIFIED CORRECT:

VIOLETA P. FUENTES
Secretary to the Sanggunian
Bayan

ATTESTED:

JESUS M. DIMAPILIS
Municipal Vice Mayor
Presiding Officer

APPROVED:

GELACIO I. YASON
Municipal Mayor

Office of the Prov'l. Supvr.
Comelec, Calapan, Or. Mindoro
RECEIVED
Date: August 16, 1995

tsff/

Received by: Gayling